U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
civilrights.justice.gov

# Employment Litigation Section (Ang Seksyon sa Litigasyon sa Trabaho, ELS)

Nagsusumikap ang ELS upang pigilin ang diskriminasyon sa mga lugar ng trabaho sa pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan batay sa mga sumusunod:

- Lahi;
- Kulay ng balat;
- Relihiyon;
- Kasarian (kabilang ang pagbubuntis at mga kaugnay na kondisyon, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan ng kasarian); o
- Bansang pinagmulan ng isang indibidwal.

Nagsusumikap din ang ELS na wakasan ang paghihiganti, na kung saan kumikilos ang employer sa paraang makakasama sa isang indibidwal dahil siya ay nagreklamo tungkol sa diskriminasyon. Pinoprotektahan namin ang mga karapatan ng mga aplikante at empleyado sa mga trabaho sa pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pederal na batas laban sa diskriminasyon, Title VII ng Civil Rights Act ng 1964 (Title VII).

**Tingnan ang susunod na pahina para sa mga halimbawa ng mga posibleng paglabag sa Title VII at alamin pa ang tungkol sa gawain ng ELS.**

**Uniformed Services Employment and Reemployment Rights Act of 1994 (Ang Batas ng 1994 sa mga Karapatan sa Magkakaparehong Serbisyo sa Trabaho at Pagbabalik sa Trabaho, USERRA)**

Pinoprotektahan din namin ang mga karapatan ng mga service member ng militar sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isa pang batas laban sa diskriminasyon: USERRA. Ginagawang ilegal ng batas na ito ang mandiskrimina ang mga employer laban sa isang indibidwal dahil sa kanyang katayuan, serbisyo, o obligasyon sa militar sa nakaraan, kasalukuyan o hinaharap. Madalas ding inaatasan ng USERRA ang employer na ibalik ang isang servicemember sa kanyang trabahong sibilyan pagkatapos niyang gampanan ang panahon ng serbisyo sa militar.

**Executive Order 11246 (Ehekutibong Utos 11246)**

Ipinapatupad ng ELS ang Executive Order 11246, na nagsasaad na hindi maaaring mandiskrimina ang mga kontratista at sub-kontratista sa kanilang mga desisyon sa trabaho dahil sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian (kabilang ang pagbubuntis at mga kaugnay na kondisyon, sekswal na oryentasyon, at pagkakakilanlan ng kasarian), o bansang pinagmulan.

U.S. Department of Justice
# Civil Rights Division

## Mga Halimbawa ng mga Posibleng Paglabag sa Title VII

- Nakasaad sa patakaran ng kagawaran ng pulisya ng lungsod na hindi maaaring magpatrolya ang mga babaeng pulis sa oras na sila ay magbuntis ng tatlong buwan. Binabayaran din nito ang mga babaeng tagapagsanay sa K-9 nang mas mababa kaysa sa mga lalaking tagapagsanay na may parehong karanasan at mga kwalipikasyon.
- Gumagamit ang isang kagawaran ng bumbero ng nakasulat na pagsusulit para kumuha ng mga bagong bumbero kahit na ang pagsusulit na ito ay may hindi pantay epekto sa mga aplikanteng Itim at hindi sapat na nauugnay sa mahahalagang kasanayang kailangan para sa trabaho.
- Isang superbisor sa kagawaran ng mga parke sa county ang nanghaharas sa empleyadong Tsinong Amerikano batay sa bansang pinagmulan, at hindi pinipigilan o itinatama ng kagawaran ng mga parke ang panghaharas.
- Pinagbabawalan ng kagawaran ng kalusugan ng estado ang mga empleyadong Muslim na magdasal sa mga walang bayad na oras ng pahinga.

**Makipag-ugnayan sa ELS**

202-514-3831
TTY: 202-514-6780

ELS.Outreach@usdoj.gov

*Mangyaring tandaan na hindi kami maaaring magbigay ng payong legal.*

**Alamin Pa: www.justice.gov/crt/employment-litigation-section**

## Magsampa ng Reklamo sa Diskriminasyon o Paghihiganti

Ang mga batas na ginagawang ilegal ang diskriminasyon at paghihiganti ay nag-aatas din na agad na maghain ng reklamo nang sa gayon ay makapag-imbestiga ang pederal na ahensya. Kung hindi kayo magsasampa sa oras, maaari kayong mawalan ng inyong mga karapatan, at ang pakikipag-ugnayan sa ELS ay hindi pansamantalang pipigil sa mahihigpit na limitasyon sa panahong ito. Narito ang mga pederal na ahensya kung saan kailangang isampa ang reklamo sa diskriminasyon o paghihiganti, at kung paano makikipag-ugnayan sa kanila.

| | | |
|---|---|---|
| Title VII | U.S. Equal Employment Opportunity Commission (Komisyon ng Pantay na Oportunidad sa Trabaho ng Estados Unidos) | www.eeoc.gov<br>1-800-669-4000<br>TDD: 800-669-6820 |
| USERRA | U.S. Department of Labor, Veterans' Employment and Training Service (Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Serbisyo ng Trabaho at Pagsasanay para sa mga Beterano) | www.dol.gov/agencies/vets<br>1-866-237-0275<br>7-1-1 para sa mga serbisyong relay |
| Executive Order 11246 (Ehekutibong Utos 11246) | U.S. Department of Labor, Office of Federal Contract Compliance Programs (Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Tanggapan para sa mga Programa ng Pagsunod sa Pederal na Kontrata) | www.dol.gov/agencies/ofccp<br>1-800-397-6251<br>7-1-1 para sa mga serbisyong relay |